Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-8 NG MARSO 2012 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg.Virgelio M. Astillo | - | Pang., Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | Pangulo, Pederasyon ng SK |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**KAUTUSAN BLG.12-03-125**

**ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGTATAKDA NG CURFEW HOURS SA MGA KABATAAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO AT NAGTATADHANA NG MGA KAPARUSAHAN SA MGA PAGLABAG DITO**

**May-Akda: Kgg. Gideon B. Abuel**
**Pangalawang May-Akda: Kgg. Senen C. Familara**

**ISINASABATAS** ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro:

**SEKSYON 1.** Pamagat at Nasasakupan

(a) Pamagat. Ang Kautusang ito ay tatawagin sa pamagat na "Pagtatakda ng Curfew Hour sa mga Kabataan sa Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro".

(b) Nasasakupan. Ang Kautusang ito ay magkakabisa lamang sa loob ng nasasakupan ng teritoryo ng Bulalacao.

**SEK. 2**. Layunin. Ang Kautusang ito ay isinasabatas sa mga sumusunod na layunin:

(a) Upang ilayo ang mga kabataan mula sa anumang di kanais-nais na insidente sa labas ng kanilang tahanan sa mga oras ng Curfew;

Scanned with CamScanner

(b) Upang mabawasan ang posibilidad ng pagkalulong ng mga kabataan sa bisyo lalong-lalo na sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot; at

(c) Upang tulungan ang mga magulang at tagapangalaga sa pagsasabalikat ng kanilang pananagutan sa pagsasagawa ng makatuwiran at makabuluhang pangangalaga.

**SEK. 3.** Batayan ng Ordinansa/Kautusan. Ang Kautusang ito ay isinabatas alinsunod sa mga sumusunod na batas na umiiral sa kasalukuyan:

(a) Child and Youth Welfare Code o P.D. No. 603

Nagtatadhana na ang mga kapulungang panlungsod o pambayan ay maaaring magtakda ng "curfew hours" para sa mga kabataan kung hinihingi ng pagkakataon/sitwasyon. Ang katungkulan ng pagpapatupad ng mga kautusan sa curfew ay ibinibigay sa mga magulang/tagapangalaga at sa mga may kapangyarihang lokal.

Ang sinumang magulang/tagapangalaga na mapatunayang nagpapabaya sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin na ibinibigay ng artikulong ito ay pagsasabihan o pangangaralan ng "Department of Social Welfare" o ng Local Council for the Protection of Children (Artikulo 139) at

(b) Juvenile Justice and Welfare Code

Nagtatadhana na ang mga kabataang may gulang 15 taon pababa ay hindi dapat papanagutin sa isang gawaing kriminal at yaong mga kabataang may gulang 16-17 ay eksempted din sa pananagutang kriminal maliban kung ginawa ang paglabag sa batas ng may kaalaman o pagkaunawa (with discernment). (Seksyon 6).

**SEK. 4.** Talasalitaan. Kapag ginagamit sa kautusang ito, ang mga salita sa ibaba ay mangangahulugan ng mga sumusunod:

(a) Curfew – takdang oras ng pagbabawal sa tinutukoy ng ordinansang ito na manatili sa labas ng tahanan.

(b) Kabataan – isang taong mababa sa labingpitong (17) taon ang gulang.

(c) MSWDO – Municipal Social Welfare Development Office/Officer, ayon sa pagkakagamit, ng Bayan ng Bulalacao.

(d) Rekord/Talaan sa Paglabag sa Curfew – isang talaan kung saan ay nakasaad ang lahat ng mahahalagang impormasyon ukol sa paglabag sa "curfew".

**SEK. 5.** Pagtatakda ng Curfew.

(a) Isang paglabag sa Kautusang ito:

1) para sa mga kabataan ang maglimayon, maglagi, tumulog, maglagalag, maglakad, magmaneho o sumakay sa isang

sasakyan, o maglaro sa isang pampublikong lansangan, pasilyo, parke, palaruan o iba pang pampublikong kalupaan, mga pampublikong kalupaan, mga pampublikong lugar o gusali, bahay aliwan/libangan, mga bakanteng lote, baybaying dagat at pulo o iba pang lugar na hindi nababantayan mula sa ika-10 ng gabi hanggang ika-4 ng umaga araw-araw.

2) para sa mga may-ari o tagapangasiwa ng alin mang restawran, bar, internet café, libangan o anumang establisimyentong panglibangan na tumanggap/magserbisyo sa isang kabataan sa loob ng nasabing establisimyento sa nalooban ng pinagbabawal na oras.

(b) Eksempsyon. Ang mga tadhanain ng seksyong ito ay hindi sumasakop/sumasaklaw sa kabataan na:

1) Nasa isang sasakyang de motor/makina na gumagawa ng isang paglalakbay na bumabagtas sa iba't ibang bayan, o patungo/galing sa isang paglalakbay sa labas ng bayan.

2) Nagsasagawa ng lehitimong gawain sa paghahanap-buhay na may kaukulang permiso mula sa Department of Labor, ang wala nito ay hindi sakop ng eksempsyon;

3) Nagsasagawa ng isang lehitimong gawaing pangmadalian; at

4) Patungo o galing sa isang opisyal na gawaing pangbarangay, pambayan, pampaaralan, panrelihiyon o pampalakasan na gumagamit ng direktang ruta sa nasabing aktibidad o opisyal na gawain at dapat may kasamang magulang o malapit na kamag-anak.

(c) Pagpapatupad. Ang Kautusang ito ay ipatutupad ng mga Opisyal ng Barangay sa kani-kanilang mga nasasakupan at ng Kapulisan. Ang mangungulekta ng multa ay ang Ingat-Yaman ng Barangay o ang kanyang kinatawan at ito ay papasok sa pondo ng Barangay.

(d) Katadhanaang Administratibo. Ang barangay na kinauukulan ay dapat magkaroon ng Rekord o Talaan sa mga paglabag sa Curfew.

Ang bawat paglabag ay ipapaalam o ipararating kaagad sa kaalaman ng magulang/tagapangalaga at sa MSWDO. Ang lumabag na kabataan ay dadalhin sa Barangay Hall kung saan siya at ang kanyang magulang/tagapangalaga ay palalagdain sa Rekord o Talaan sa Paglabag sa Curfew. Mula sa Barangay Hall, ang kabataan ay iuuwi sa kanilang tahanan/tirahan ng kanyang magulang/tagapangalaga. Kung ang magulang/tagapangalaga ay wala, ang kabataan ay sasamahan papauwi ng bahay o ihahabilin sa isang malapit na kamag-anak, o ihahabilin sa ilalim ng pangangalaga ng isang opisyal ng barangay, kung alin ang nakikitang nararapat ng kinauukulan.

Scanned with CamScanner

Ang pagbibigay ng pangaral sa magulang at ang pangangasiwa nito ay isasagawa ng mga opisyal ng barangay, samantalang ang pagbibigay ng seminar tulad ng nakatadhana sa Seksyon 6 ng Kautusan/Ordinansang ito ay isasagawa ng MSWDO sa munisipyo o sa barangay kung saan inaakala niyang nararapat.

Ang sinumang lumabag na kabataan ay bibigyan ng espesyal na pangangalaga o pag-iingat at ang kanilang magulang/tagapangalaga ay bibigyan ng karampatang paggalang ng mga kinaauukulan sa panahon ng pagpapatupad ng batas na ito.

**SEK. 6.** Katadhanaan sa Paglabag.

Ang anumang paglabag sa Kautusang ito ay papatawan ng parusa, gaya ng sumusunod:

(a) PARA SA KABATAAN

1) Para sa Kabataang 15 taon ang gulang pababa:

Unang Paglabag – Papaalalahanan ang mga kinauukulang magulang/tagapangalaga tungkol sa batas sa curfew

Ikalawang Paglabag – Pagsasabihan/Pangangaralan ang mga kinauukulang mga magulang/tagapangalaga

Ikatlong Paglabag – Padadaluhin ang mga kinauukulang magulang/tagapangalaga sa isang seminar tungkol sa pagmamagulang, pagmumulta ng halagang dalawang daang piso (Php200.00) at community service ng hindi lalagpas ng 8 oras sa barangay kung saan sila nahuli

2) Para sa Kabataang 16 hanggang 17 taon ang gulang:

Unang Paglabag – Pagsasabihan/pangangaralan ang kinauukulang magulang/tagapangalaga

Ikalawang Paglabag – Multang nagkakahalaga ng dalawang daang piso (Php200.00)

Ikatlong Paglabag – Multang nagkakahalaga ng apat na daang piso (Php400.00) at pagpapadalo sa kinauukulang magulang/tagapangalaga sa isang seminar tungkol sa pagmamagulang

(b) PARA SA ISANG ESTABLISIMYENTONG PANGLIBANGAN AT KAGAYA NITO:

Ang paglabag ay papatawan ng parusa gaya ng mga sumusunod:

Unang Paglabag – Multang nagkakahalaga ng isang libong piso (Php1,000.00) ayon sa diskresyon o matalinong pagpapasiya ng hukuman.

Scanned with CamScanner

Ikalawang Paglabag – Multang nagkakahalaga ng dalawang libong piso (Php2,000.00) at isang buwang suspensyon ng lisensya o pahintulot sa negosyo.

Ikatlong Paglabag – Pagpapawalang bisa ng lisensya o pahintulot sa negosyo.

**SEK. 7.** Sugnay sa Pagbubukod:

Kung sa anumang kadahilanan, ang isang katadhanaan, seksyon o bahagi ng Kautusang ito ay ipahayag na imbalido ng isang nakakasakop na hukuman o pinawalang-bisa ng Sangguniang Panlalawigan, ang mga nalalabing katadhanaan, seksyon o bahagi ay mananatiling may-bisa.

**SEK. 8.** Sugnay na Nagpapawalang Bisa.

Ang mga umiiral na pambayan/pambarangay na Kautusan, Resolusyon/Kapasyahan, at mga tuntunin at regulasyon na nagtatakda ng curfew para sa kabataan ng Bulalacao na hindi naaayon sa Kautusang ito, sa kanyang kabuuan o bahagi ay binabago o pinawawalang-bisa.

**SEK. 9.** Sugnay na Nagbibigay-bisa.

Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ipaskil sa mga pangunahin at lantad na pintuan ng Pambayang Bahay Pamahalaan, sa mga Bahay Pulungan ng lahat ng mga Barangay, sa mga bukana at lantad na mga bahagi ng mga kinauukulang establisimyentong panlibangan at sa mga paaralan at pagpapatalastas sa istasyon ng radyo sa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro.

**ISINABATAS** ngayong ika-8 ng Marso, 2012 sa Bulalacao Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

| | | |
|---|---|---|
| **EDUARDO C. ACERON**<br>Konsehal | **GIDEON B. ABUEL**<br>Konsehal | **EMELITA A. OSORIO**<br>Konsehal |
| **GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>Konsehal | **JUAN L. SALAS, SR.**<br>Konsehal | **LEONARDO A. ANDALLON**<br>Konsehal |
| **SENEN C. FAMILARA**<br>Konsehal | **RAMON G. MAGBANUA**<br>Konsehal | |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 04/20/12

120326/bms

Scanned with CamScanner